# Mga Benepisyo Para Sa May-kapansanan

## Ano ang may-kapansanang seguro ng Social Security?

Ang Social Security ay nagbabayad ng mga buwanang benepisyo sa mga taong hindi makapag-trabaho dahil sa isang pang-kaisipan o pang-katawang kondisyon. Ang kalagayang ito ay dapat manatali ng isang taon o higit pa o inaasahang magiging dahilan ng kamatayan.

Para maging karapat-dapat sa mga benepisyo, dapat ay nag-trabaho ka ng mahabang panahon at sapat kamakailan lamang sa ilalim ng Social Security.

**Kung ikaw ay magka-karoon ng kapansanan bago ka umabot ng dalawamput apat na taong gulang 24**, karaniwang kailangan mo ng isa't kalahating taon ng pagta-trabaho sa loob ng tatlong-taong panahon bago nag-simula ang iyong kapansanan.

**Kung ikaw ay 24 hanggang 30 taong gulang**, karaniwan ay kailangang nakapag-trabaho ka ng kalahating panahon sa pagitan ng edad na dalawamput isa 21 at ng panahon na nag-karoon ka ng kapansanan.

**Kung ikaw ay mayroong kapansanan sa edad na tatlumput isa 31 o mas matanda pa dito**, ang dami ng trabahong kailangan mo ay depende sa iyong edad ng mag-karoon ka ng kapansanan. Bukod dito, kailangang nakapag-trabaho ka ng limang taon sa loob ng sampung taon 10 kapagdaka bago ka nagkaroon ng kapansanan. Ang pagiging mamamayan ay hindi kailangan para maging nararapat sa mga benepisyo, pero dapat ay mayroon kang legal na pahintulot na mag-trabaho dito sa Estados Unidos.

## Mga benepisyo ng pamilya

Ang mga ilang napipihong miyembro ng pamilya ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga benepisyo batay na rin sa iyong pagtatrabaho, kabilang dito ang:

- Iyong anak na wala pang asawa na wala pang labing walong 18 taong gulang, o labing siyam na 19 taong gulang kung siya ay full time na nasa high school.
- Iyong anak na wala pang asawa na lampas sa 18 taong gulang ay nag-karoon na ng kapansanan bago siya umabot ng 22 taong gulang.
- Iyong asawa na animnaput dalawang 62 taong gulang o mas matanda pa dito, o kahit na anong edad kung siya ay nag-aalaga ng anak mo na wala pang labing anim 16 na taong gulang o may-kapansanan at tumatanggap na ng mga benepisyo.

## Paanong mag-apply ng mga benepisyo ang may kapansanan

Para posibleng gawing maging simple ang proseso ng application, may karapatan kang pumili na mag-apply sa pamamagitan ng telepono, koreo, o personal na pumunta sa isa sa aming opisina sa saan mang komunidad. Bukod sa patakarang application, kailangan mo ring mag-fill out ng form na maka-pagsasabi sa amin ng tungkol sa iyong kalagayan at kung pa-paano nito na-a-apektohan ang iyong kakayahang maka-pagtrabaho. Ka-kailanganin din namin ng iba pang forms

## Kung hindi ka nararapat para sa Social Security

Kung nag-apply ka ng mga may-kapansanang benepisyo sa Social Security at hindi sapat ang iyong ipinag-trabaho sa ilalim ng Social Security, titingnan namin kung nararapat ka para sa mga kabayaran ng may-kapansanan sa ilalim ng programa ng Supplemental Security Income (SSI) (Karagdagang Kitang Pang-seguridad). Ang SSI ay nagbi-bigay ng mga kabayaran sa mga taong may-kapansanan o bulag, o may 65 taong gulang o mas matanda pa rito **at** sa sinumang may maliit na kinita o pag-aaring yaman.

Hindi mo kinakailangang may nakaraang trabaho para maging karapat-dapat. Ang dalawang programang ito ay pinama-mahalaan ng Social Security Administration, pero ang SSI ay hindi galing sa puhunan ng buwis ng Social Security. Sa parehong paraan pinagpa-pasyahan ang kapansanan, ngunit naiibang mga alituntunin ang iniu-ukol sa bawat isa. Para sa karag-dagang impormasyon sa mga kabayaran ng SSI, humingi ng publikasyong *Mga Kabayaran Ng Supplemental Security Income* (Publikasyon Blg. 05-10702-TL).

(kabila)

## Gaano katagal magpa-patuloy ang mga benepisyo ng may-kapansanan

Ang mga benepisyo ng Social Security para sa may-kapansanan ay magpa-patuloy hanggang ikaw ay mayroon pa ring kapansanan at hindi nakapagta-trabaho. Kung magagawa mong tunay na magtrabaho, hindi ka na maituturing na may-kapansanan at maaaring mahinto ang iyong mga benepisyo.

Ganoon pa man, kung sinubukan mong mag-trabaho at ikaw ay mayroon pa ring kapansanan medically, mayroong mga espesyal na alituntunin na nagpa-pahintulot sa iyong mag-patuloy na tumanggap ng iyong mga benepisyo hanggang makapag-trabaho ka ng regular. Kabilang dito ang:

- Panahon ng pagsubok sa pagta-trabaho (trial work period)—siyam na buwan 9 (hindi kailangang magka-kasunod) na ang alinmang kikitain mo ay pan-samantalang hindi maka-ka-apekto sa iyong mga benepisyo;
- Pagpa-patuloy ng panahong pagkakahirang (extended period of eligibility)—alin man sa tatlumput anim na buwan 36 buwan na pansamantala kang pwedeng tumanggap ng isang benepisyo para sa anumang buwan na siguradong pantay na pag-baba ng iyong mga kinita. Ngayong 2005, ang level ay $830. Tumataas ito taon-taon.
- Mga pagba-bawas para sa mag-kasamang pagka-kaugnay na gastos para sa may pinsala—ang mga gastos sa trabaho na kaugnay sa iyong kapansanan ay puwedeng ibawas sa pagta-tantiya ng iyong kinita na nanganga-hulugang ikaw ay katunayang may ginagawang trabaho; at
- Pagpapatuloy ng Medicare—ang coverage ng iyong Medicare ay mag-papatuloy ng siyamnaput tatlong 93 buwan (pitong 7 taon, siyam na 9 buwan) pag-lagpas ng trial work period. Kung huminto ang coverage ng iyong Medicare dahil sa trabaho mo, maaari mo itong bilhin sa buwanang premium.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga may-kapansanang incentives ng trabaho, hingin ang publikasyong *Working While Disabled—How We Can Help* (*Pagta-trabahoHabang May-kapansanan—Paano Kami Maka-katulong)* (Publikasyon Blg. 05-10095). Ang pahayag na ito ay makukuha lang sa English.

Ang kaso mo ay paulit-ulit na muling susuriin para matiyak kung ikaw ay mayroon pa ring kapansanan. Ang kadalasang pag-susuring ito sa iyong kaso ay batay na rin sa kondisyon mong malamang na bumuti. Pagsu-suring baka umabot sa bawat ika- anim 6 hanggang ika-labing walong buwan 18 kapag may pag-asang bumuti ang medical mong kondisyon at bawat ika-pitong taon 7 kung inaasahang ang kondisyon mo ay bubuti.

## Pagkontak sa Social Security

Para sa mga karagdagang impormasyon at upang matagpuan ang aming mga publikasyon, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**). Masasagot naming ang mga specific mong katanungan at makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

**Kung kailangan mo ng interpreter** sa pag-aasikaso ng iyong Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay makukuha kapag kinakausap kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang salita mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang Tagalog interpreter ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang business mo sa telepono, ikukuha ka namin ng appointment para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may Tagalog interpreter sa oras ng iyong pag-bisita.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10701-TL
Disability Benefits (Tagalog)
January 2005